

Sinabi ng Allah: (At ang mga yaong nagbibintang ng salang pakikiapid sa mga matutuwid na mga kababaihan at mga kalalakihan na wala silang apat na testigo na mga matutuwid na mga kalalakihan, ay parusahan ninyo sila ng pagpalo ng walumpu, at huwag na ninyong tanggapin ang anumang pagsasaksi nila magpakailanman, at sila ay mga yaong lumabag sa pagsunod sa Allah.) *Al-Qur'an 24:4*

7 Pag-alaga sa kanya sa pamamagitan ng mga materyal:

Ang babae maging bata man o matanda, mayroon pa ring lalaki na may tungkulin sa paggasto sa kanya, at ito ang naggagarantiya sa kanya ng marangal na pamumuhay sa pagitan ng mga tao. Kaya hindi niya kinakailangan na manlimos sa mga tao upang humingi ng tulong; na magiging dahilan ng kanyang kahihiyan at sisira sa kanyang dangal!

Kung siya naman ay bata pa, ang kanyang Ama ang gagasto para sa kanya. **Sinabi ng Propeta** ﷺ: "Sinuman ang mag-alaga ng dalawang batang babae hanggang sa pagsapit ng kanilang hustong gulang, darating siya sa Araw ng Pagkabuhay, na ako at siya ay ganito" at pinagsama niya ang kanyang dalawang daliri.

At sinabi ng Propeta ﷺ: "Sapat na sa isang tao na makasalanang kapag kanyang pinigilan ang isang tao sa isang bagay, samantalang umaasa ito sa kanya."

At kung siya naman ay may asawa na, obligado sa asawang lalaki na gumasto para sa kanya. Itinaas ng Islam ang katayuan ng babae, pinangalagaan ang kanyang karangalan, at pinangalagaan ang kanyang mga karapatan sa pamamagitan ng balanseng batas. Sa gayon, ang mga kalalakihan at kababaihan ay mabubuhay ng disentang buhay sa isang ligtas na lipunan. Ang bawat isa sa kanila ay alam ang kanyang mga karapatan at tungkulin. At sila ay parehong magiging maligaya sa mundo at Kabilang-Buhay.



Sinabi ng Allah: (Sinuman ang gumawa ng mabubuting gawa, lalaki man o babae, na siya ay tunay na naniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo; ay pagkakalooban Namin siya rito sa daigdig ng mabuti at mapayapang pamumuhay kahit siya ay hindi mayaman, at walang pag-aalinlangan na ipagkakaloob Namin sa kanila ang gantimpala sa Kabilang-Buhay nang higit pa kaysa kabutihan na kanilang nagawa rito sa daigdig.) *Al-Qur'an 16:97*.



www.DiscoverAlIslam.com
info@DiscoverAlIslam.com



@AlIslamDiscover



I-SCAN ANG QR CODE
upang mag-download
ng polyeto sa ibang wika



Ang Katayuan ng Babae sa Islam



Tagalog



Katiyakan na pinarangalan ng Islam ang babae ng dakilang pagpaparangal, itinaas ang kalagayan nito at naglagay para sa nagpaparangal sa kanya ng dakilang gantimpala. At katiyakang nagbigay ng payo ang Propeta ﷺ na maging mabuti sa kababaihan. Kanyang sinabi: “Kumilos nang mabuti sa mga kababaihan.”

Narito ang ilang mga maikling larawan na pagpaparangal ng Islam sa babae at pagtaas ng kanyang katayuan:

1 **Ginawa siyang kahating-kapatid ng lalaki at kapantay niya sa mga kautusan sa Islam**

Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: “Ang mga kababaihan ay may parehong kalikasan tulad ng kalalakihan”.

2 **Ang babae ay katulad ng lalaki sa gantimpalang pangkabilang-buhay:**

Sinabi ng Allah: (At sinuman ang gagawa ng mga mabubuting gawa, lalaki man o babae, na siya ay naniniwala sa Allah at sa anumang ipinahayag na katotohanan, sila ay papapasukin ng Allah sa Al-Jannah na tahanan ng walang hanggang kaligayahan; at hindi sila dadayain at hindi mababawasan ang gantimpala ng kanilang mga gawain nang kahit na kasingliit ng Naqir — isang marka o tuldok sa buto ng prutas ng datiles.) *Al-Qur'an* 4: 124



3 **Ang pagpapakabuti sa babae**

Katiyakang pinarangalan ng Islam ang babae at nag-utos ito ng pagpapakabuti sa kanya sa lahat ng yugto ng kanyang buhay at sa lahat ng kanyang kalagayan:

Pinarangalan siya bilang Ina:

Sinabi ng Allah: (at makitungo kayo nang mabuti sa inyong mga magulang) *Al-Qur'an* 2:86

At sinabi ng lalaki: **O sugo ng Allah,** sino ang mas may karapatan mula sa mga tao ng aking mabuting pakikitungo? **Kanyang sinabi:** “Ang iyong Ina”, kanyang sinabi: Pagkatapos ay sino? Kanyang sinabi: “Ang iyong Ina”. Kanyang sinabi: Pagkatapos ay sino? Kanyang sinabi: “Ang iyong Ina” Kanyang sinabi: Pagkatapos ay sino? Kanyang sinabi: “Ang iyong Ama.”

At pinarangalan siya bilang asawa:

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Ang pinakamainam sa inyo ay ang pinakamainam sa kanyang pamilya, at ako ang pinakamainam

sa inyo para sa aking pamilya.” **at sinabi niya ﷺ:** “Kumilos nang mabuti sa mga kababaihan.”

At pinarangalan siya bilang anak na babae:

Ipinag-utos na siya ay disiplinahin, tustusan at magpakabuti sa kanya. At ang sinumang gumawa nito ay mapapasakanya ang dakilang gantimpala. **Sinabi ng Propeta ﷺ:** “Sinuman ang may tatlong anak na babae at naging matiyaga sa kanila, pinakain sila, pinainom, at binihisan sila mula sa kanyang kakayahan, sila ay magiging kalasag para sa kanya mula sa Apoy sa Araw ng Muling Pagkabuhay.”

At pinarangalan siya bilang kapatid na babae:

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Magpakabuti ka sa iyong Ina at Ama, at sa iyong kapatid na babae at lalaki, pagkatapos ay yaong pinakamalalapit sa iyo.” **Sinabi ng Propeta ﷺ:** “Sinuman ang may tatlong anak na babae, o tatlong kapatid na babae, o dalawang anak na babae, o dalawang kapatid na babae, at siya ay nananatiling mabuti sa kanila at may takot sa Allah tungkol sa kanila, kung gayon siya ay magkakaroon ng Paraiso”.

At pinarangalan siya bilang tiyahin sa Ina:

Sinabi ng Propeta ﷺ: “Ang tiyahin sa ina ay katulad ng ina” ibig sabihin: sa katuwiran, karangalan at pagtataguyod ng mga ugnayan ng pagkakamag-anak.

At si Muhammad ﷺ ay nag-utos na gumawa ng mabuti sa babae na namatayan ng asawa:

Siya ay nagsabi: “Siya na naghahangad na protektahan ang balo at ang mahihirap ay tulad ng isang mandirigma sa landas ng Allah”.



4 **Ginawan siya ng sariling kayamanan na pagmamay-ari niya mismo at kanyang pananagutan:**

Ginagarantiyahan siya ng Islam ng karapatan sa pag-aari. **Sinabi ng Allah:** (Para sa mga lalaki, ay isang bahagi mula sa anumang kanilang pinagsumikapan, [gayon din naman] para sa mga babae, ay isang bahagi mula sa anumang kanilang pinagsumikapan.) *Al-Qur'an* 4:32

At ginawan siya ng sariling karapatan sa mana na kung saan ay wala siyang karapatan dito noon bago ang Islam; **Sinabi ng Allah:** (Para sa mga kalalakihan, mga bata man o matatanda — ang kanilang mana na itinalaga ng Allah na para sa kanila mula sa naiwanang kayamanan ng kanilang mga magulang at mga kamag-anak, kakaunti man ito o marami, ay nasa tiyak at makatarungang karapatan na itinalaga ng Allah para sa kanila, ganoon din ang sa mga kababaihan.) *Al-Qur'an* 4:7

Ang babae ay para sa kanya ang buong dote (Mahr), ginawa ito ng batas ng Islam para sa kanya. Siya ang nagmamay-ari nito na walang ibang kasali sa kanya na sinuman. **Sinabi ng Allah:** (At ibigay ninyo sa mga kababaihan ang kanilang mga Mahr, na ito ay isang obligadong handog na kinakailangang ibigay mula sa inyong mabubuting kalooban. Kapag naging kalugud-lugod sa kanilang mga sarili (kababaihan) na bahaginan kayo mula sa Mahr na ito ay tanggapin at gawin ninyo itong kapakipakinabang, dahil sa ito ay ipinahintulot sa inyo.) *Al-Qur'an* 4:4



5 **Babala sa pananakit sa kanya at pagwasak ng kanyang karapatan:**

Sinabi ng Propeta ﷺ: “O Allah, tunay na aking inilalagay ang kahihiyan sa sinumang gumawa ng kasamaan sa karapatan ng dalawang mahihina: Ang ulila at babae.” Ibig sabihin: Ilagay ang kasalanan sa sinumang nagpabaya sa karapatan nilang dalawa.

6 **Pangangalaga sa kanyang dangal:**

Kabilang sa pagpaparangal ng Islam sa babae ay pinangalagaan ang kanyang dangal at karangalan. Hindi pinahihintulutan ang pakikipagsama sa kanya liban sa pamamagitan ng totoong kasal. **Sinabi ng Propeta ﷺ:** “Matakot kayo sa Allah sa kababaihan; sapagkat kayo ay kinuha ninyo sila sa pamamagitan ng pinagkatiwala ng Allah, at ipinahintulot sa inyo ang kanilang ari sa pamamagitan ng Salita ng Allah.” Ang tinutukoy sa Salita ng Allah dito ay: Ang kasal na isinabatas ng Islam. Ipinagbabawal na akusahan siya sa kanyang dangal, at ito ay isa sa mga pinakamalaking kasalanan. **Sinabi ng Allah:** (Katiyakan, ang mga yaong nagbibintang ng pakikipapid sa mga malilinis, matutuwid na mga mananampalatayang kababaihan na mga walang kamuwang-muwang, na kailanman ay hindi sumagi sa kaisipan nila ang mga ganitong bagay, sila na gumagawa nito ay ipinagtabuyan mula sa Awa ng Allah dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, at para sa kanila ang matinding parusa sa Impiyernong-Apoy.) *Al-Qur'an* 24:23

Sa halip, ang sinumang nag-akusa nito sa kanyang karangalan nang walang ebidensya, siya ay sasailalim sa tatlong matinding parusa:

- 1- Papaluin ng walumpong palo.
- 2- Hindi tatanggapin ang kanyang pagsaksi.
- 3- Tatawagin siyang Faasiq (masamang tao).